International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 5 Special Issue | 2025
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 171-182

# Skills in Writing Expository Texts of Grade 12 Learners for the Development of Instructional Material

**Karima B. Arsad**
Banisil National High School
*karima.arsad@deped.gov.ph*

**NOR-EN E. BANGKULIT, Phd**
Sultan Kudarat State University
*Nor-enbangkulit@sksu.edu.ph*

**Abstract**

The study aimed to determine the proficiency of Grade 12 students in expository writing. Findings revealed that students exhibited a low level of proficiency, particularly in content development, idea organization, grammar, and punctuation. In response, a module was developed as a supplementary teaching material to enhance writing skills. The module underwent expert validation and received high evaluations across various aspects, including content, design and organization, text quality, assessment, readability, and references. Additionally, the module was evaluated for acceptance by both teachers and students, who provided positive ratings regarding its clarity, engagement, relevance to the target users, and originality. Results indicated that the module was effective as a teaching tool for writing instruction. Furthermore, an analysis of the differences in teachers' and students' acceptance ratings showed no significant disparity, suggesting a consistent recognition of the module's quality and effectiveness. Overall, the study confirmed that the module is a valuable learning aid that can be implemented on a broader scale. It is recommended that continuous review and improvement be undertaken based on feedback from teachers and students to further develop students' proficiency in writing expository texts.

**Keywords:** Acceptability, Module, Proficiency, Validity, Writing Expository Texts

## Panimula

Ang pagsulat ng tekstong ekspositori ay nagpatitibay sa kakayahan ng bawat mag-aaral na magpahayag ng malinaw na impormasyon. Nagbibigay ito ng kalinawan sa paksa sa obhetibong paglalahad ng datos at pagsusuri ng ideya. Sa edukasyon, ang mabisang pagtuturo ng tekstong ekspositori ay nangangailangan ng tamang kagamitan, tulad ng modyul na tumutulong sa pag-unawa ng bawat kabataan sa tamang pagsulat.

Binibigyan ng diin ng mga edukador na mahalaga ang pagsulat ng ekspositori sa akademikong tagumpay ng mga mag-aaral (Graham & Perin, 2019). Ngunit, maraming mag-aaral ang nahihirapan dito dahil sa kakulangan ng gabay, materyal, at mabisang estratehiya (Troia & Olinghouse, 2020). Ayon kay Kellogg (2018), ang abilidad sa pagsulat ay nakasalalay sa kalidad

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 171-182

ng kagamitan sa pagtuturo. Kaya mahalagang bumuo ng modyul na may malinaw na estruktura nang matamo ang inaasahang kasanayan sa larangan ng pagsulat.

Sa bansa, maraming mag-aaral ang may mababang kasanayan sa akademikong pagsulat, partikular sa ekspositori (Bernardo & Gaerlan, 2021). Ayon sa 2018 PISA, mababa rin ang kasanayan ng ilang mag-aaral sa pagbasa at pagsusulat na hadlang sa akademikong pag-unlad (OECD, 2019). Ayon naman kina Villanueva at Martin (2020), ang kakulangan ng mabisang kagamitan sa pagtuturo ay isang pangunahing sanhi ng problema.

Sa lokal na konteksto, maraming guro, lalo na sa pampublikong paaralan, ang nahihirapang makahanap ng angkop na materyal sa pagtuturo (Dela Cruz, 2020). Ayon kina Ramos at Santos (2021), madalas ay hindi sapat ang mga modyul sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagsusulat, partikular sa ekspositori. Ayon kay Magno (2019), ang modyul na hindi nabalidahan ay maaaring magdulot ng hindi epektibong pagtuturo, kaya mahalaga ang pananaliksik upang makabuo ng mas epektibong kagamitan.

Sa kabila ng ilang pag-aaral tungkol sa kasanayan sa pagsulat ng tekstong ekspositori, may ilang *gap* sa pananaliksik na kinakailangang punan. Una, may limitadong pananaliksik na nakatuon sa partikular na ugnayan ng kalidad ng modyul at pag-unlad ng kasanayan sa pagsulat ng ekspositori. Ikalawa, may kakulangan ng empirikal na datos hinggil sa epektibidad ng kagamitang pampagtuturo sa aktuwal na kakayahan ng bawat mag-aaral sa pagsusulat. Ikatlo, may pangangailangan sa pagsusuri kung paano maaaring gawing mas epektibo ang mga *self-learning modules* sa ilalim ng *flexible learning set-up*. Ikaapat, kulang ang pananaliksik na nagtatasa sa aktuwal na paggamit ng kaguruan sa modyul sa performans ng bawat mag-aaral sa pagsusulat. Ikalima, may limitadong pag-aaral sa pagsusuri sa kaugnayan ng kalidad ng mga modyul at ang antas ng pagtanggap ng bawat mag-aaral nito (Dela Cruz, 2020; Villanueva & Martin, 2020; Kellogg, 2018; Troia & Olinghouse, 2020; Bernardo & Gaerlan, 2021; at Graham & Perin, 2019).

Dahil sa mga suliraning nabanggit, mahalaga ang pananaliksik na ito upang makabuo ng balidado at epektibong modyul para sa pagpapahusay ng abilidad sa pagsulat ng tekstong ekspositori. Makikinabang ang lahat ng mag-aaral mga gawaing pagsulat at magiging gabay ito sa kaguruang pumili ng naaangkop na kagamitan. Ang pag-aaral ay magsisilbing batayan para sa pagpapabuti ng mga kagamitang pampagtuturo na angkop sa kakayahan ng bawat kabataang mag-aaral. Layunin ng pag-aaral na maisakatuparan bago matapos ang taong-panuruan 2024-2025 upang matugunan ang mga hamon sa pagsulat.

## Layunin ng Pag-aaral

Nilalayon ng pag-aaral na bumuo ng modyul na nakatuon sa makrong kasanayan sa pagsulat. Tinukoy nito ang lebel ng kahusayan ng bawat mag-aaral sa Baitang 12 sa pagsulat ng tekstong ekspositori batay sa nilalaman, pag-oorganisa ng mga ideya, tamang balarila, at angkop na pagbabantas. Sinuri din ang antas ng balidasyon ng nabuong kagamitang pampagtuturo ayon sa

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 171-182

nilalaman, disenyo at organisasyon, kalidad ng teksto at anyo, pagtatasa, kakayahang mabasa, at sanggunian. Bukod dito, tinaya ang lebel ng akseptibilidad ng modyul mula sa mga edukador at bawat mag-aaral batay sa nilalaman, kalinawan, panghikayat sa target na gagamit, at orihinalidad. Sa huli, inalam kung may makabuluhang pagkakaiba sa lebel ng akseptibilidad ng guro at mag-aaral sa nabuong modyul.

**Teoretikal na Balangkas**

Ang teorya ay may mahalagang papel sa pagbibigay ng matibay na pundasyon nitong pananaliksik. Mahalagang mailatag ang teoryang makapagbibigay nang linaw at direksiyon nitong pag-aaral.

Una na rito ay ang **teoryang konstruktibismo**, na ayon kay Piaget (1972), ang konstruktibismo ay naniniwala na ang pagkatuto ay bumubuo ng sariling kaalaman batay sa dating karanasan. Sa pagbuo ng tekstong ekspositori, kailangang magamit ng bawat mag-aaral ang dating kaalaman upang maihulma ang malinaw at lohikal na pagpapahayag. Sinusuportahan ito ng pag-aaral nina Larson at Jakobson (2020), na nagpapakita na ang aktibong interaksiyon sa mga ideya ay nakapagpapalalim ng pag-unawa at nagpapahusay sa kakayahang magsulat.

**Ikalawa ay ang teoryang sosyo-kognitibo**. Ang teoryang ito, ayon kina Vygotsky (1978) at Flower at Hayes (1981) ay nagsasaad na ang pagsulat ay resulta ng kognitibong proseso at sosyal na interaksiyon. Ang pagsulat ng tekstong ekspositori ay nangangailangan ng masusing pagpaplano, organisasyon, at interaksiyon sa kapwa mag-aaral o guro. Ang pananaliksik nina Graham et al. (2021) ay nagpapakita na ang kolaboratibong pagsulat ay nagtataguyod sa mas mahusay na awtput ng mag-aaral.

**Ikatatlo ay ang teoryang metakognisyon.** Inilalarawan nina Flavell (1979) at Schraw at Dennison (1994) ang metakognisyon bilang kamalayan at kontrol sa sariling pag-iisip. Sa pagsusulat ng tekstong ekspositori, ang metakognisyon ay importante upang masuri ng bawat mag-aaral ang pamamaraan, layunin, at estratehiya. Ang mga pag-aaral nina Teng (2020) ay nagpapakita na ang metakognitibong estratehiya tulad ng pagbabalangkas at rebisyon ay nakapagpapahusay sa kalidad ng mga sulatin ng bawat mag-aaral.

**Ikaapat ay ang teoryang retorika.** Ayon kay Aristotle (1991), ang retorika ay isang sining sa mabisang komunikasyon na naglalayong maimpluwensiyahan ang mga mambabasa. Sa pagsulat ng tekstong ekspositori, mahalagang elemento ang lohika, ebidensiya at pagkakaisa ng mga ideya upang maihatid ang mensahe nang malinaw. Sinang-ayunan ito ng pananaliksik nina Brown at Harold (2019), na nagpakitang ang integrasyon ng retorikal na estratehiya ay nagreresulta sa mas epektibong sulatin.

**Ikalima ay ang teoryang *multimodal***. Ang teoryang *multimodal*, ayon kina Kress at Van Leeuwen (2001), ay tumutukoy sa moda ng teksto, larawan, at awdyo sa pagpapahayag ng impormasyon. Sa kasalukuyang panahon, ang pagsulat ng tekstong ekspositori ay nakasentro hindi lang sa nakasulat na salita gayundin naman sa paggamit ng biswal at mga *digital element*. Ang pag-aaral nina Walsh (2022) ay nagpapakita na ang pagsasama ng *multimodal* na pamamaraan sa pagsusulat ay nakatutulong upang gawing mas makabuluhan ang sulatin.

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 5 Special Issue | 2025
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 171-182

Ang limang teoryang ito; konstruktibismo, sosyo-kognitibo, metakognisyon, retorika, at multimodal ay nagbibigay ng teoretikal na balangkas na maaaring gamitin bilang gabay sa binuong materyal na tutugon sa pangangailangan ng bawat mag-aaral sa larangan ng pagsulat ng tekstong ekspositori. Ang paggamit ng mga teorya ay magpahuhusay sa kabuoang pagkatuto ng bawat kabataang mag-aaral

## Metodolohiya ng Pag-aaral

Ginamit sa pag-aaral na ito ang *Research and Development* (R&D) *Design* na nakatuon sa pagbuo at pagsusuri ng kagamitang pampagtuturo upang mapahusay ang kasanayan sa pagsulat ng bawat kabataang mag-aaral, partikular sa tekstong ekspositori. Isinagawa ang pananaliksik sa Mataas na Paaralang Pambansa ng Fatima, Lungsod ng Heneral Santos, Rehiyon XII sa taong panuruan 2024-2025, kung saan napiling mga respondente ang dalawampung (20) mag-aaral sa Baitang 12 at labingwalong (18) balideytor na binubuo ng mga eksperto at piling mag-aaral. Isinagawa ang simple random sampling upang matiyak ang representasyon ng lahat ng respondente. Ginamit sa pag-aaral ang balidong rubrik sa pagtatasa ng pagsulat at *validation tool* upang masukat ang kalidad at antas ng pagtanggap sa nabuong modyul. Isinagawa ang pangangalap ng datos sa pamamagitan ng pagkuha ng pahintulot mula sa mga kinauukulang opisyal, pagpapasulat ng tekstong ekspositori sa mga respondente, pagtatasa ng kanilang gawa gamit ang rubrik, pagbuo ng modyul, at pagsusuri ng antas ng balidasyon at akseptabilidad. Para sa pagsusuri ng datos, ginamit ang *mean percentage average* upang matukoy ang antas ng kakayahan sa pagsulat, *mean average* para sa balidasyon at akseptabilidad, at *paired t-test* upang malaman kung may pagkakaiba sa lebel ng pagtanggap ng guro at bawat mag-aaral sa nabuong modyul.

## Resulta at Diksuyon

### Antas ng Kahusayan sa Pagsulat ng Tekstong Ekspositori ng Kabataang Mag-aaral sa Baitang 12

Sinuri ng pag-aaral na ito ang lebel ng kahusayan ng mga mag-aaral sa Baitang 12 sa pagsulat ng tekstong ekspositori. Tinutukoy nito ang kanilang kakayahan sa nilalaman, pag-oorganisa ng ideya, tamang balarila, at angkop na pagbabantas upang matukoy ang mga aspektong nangangailangan ng higit pang paglinang.

Makikita sa Talahanayan 1 ang lebel ng kasanayan sa pagsulat ng tekstong ekspositori ng kabataang mag-aaral sa ikalabindalawang baitang sa Mataas na Paaralang Pambansa ng Fatima batay sa apat na domeyn: nilalaman; pag-oorganisa ng mga ideya; tamang balarila at angkop na pagbabantas.

**Talahanayan 1.** **Antas ng Kahusayan sa Pagsulat ng Tekstong Ekspositori ng mga Mag-aaral sa Baitang 12**

| Pamantayan | Mean | SD | Deskriptibong Antas |
|---|---|---|---|

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 171-182

| | | | |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | 2.65 | 0.69 | Hindi Gaanong Mahusay |
| Pag-oorganisa ng mga ideya | 2.25 | 0.80 | Hindi Mahusay |
| Tamang Balarila | 1.67 | 0.68 | Hindi Mahusay |
| Angkop na Pagbabantas | 1.70 | 0.77 | Hindi Mahusay |
| **Kabuoan** | **2.07** | **0.74** | Hindi-Mahusay |

Batay sa Talahanayan 1, ang pinakamataas na mean ay nasa pamantayang Nilalaman **(**mean=2.65**, SD**=0.69)**,** na may deskripsiyong "Hindi Gaanong Mahusay." Sinundan ito ng Pag-oorganisa ng mga Ideya **(**mean = 2.25, SD =0.80) na may deskripsiyong "Hindi Mahusay**."** Ang Tamang Balarila (**mean =1.67, SD =0.68**) at **Angkop na Pagbabantas** (**mean = 1.70, SD=0.77**) ay kapwa may deskripsiyong **"Hindi Mahusay."** Sa pangkalahatan, ang **kabuoang mean ay 2.07** na may **standard deviation na 0.74**, na nangangahulugang **"Hindi Mahusay."**

Ipinahihiwatig ng resulta na ang kabataan ay may kakulangan sa tamang paggamit ng balarila at pagbabantas, na nagiging hadlang sa maayos na organisasyon ng ideya sa kanilang sulatin. Bagaman may bahagyang pag-unlad sa nilalaman, nangangailangan pa rin ng masusing interbensiyon upang mapaunlad ang kabuoang kakayahan sa pagsulat ng tekstong ekspositori.

Ayon kina Graham at Perin (2019), ang kahusayan sa pagsulat ay nakasalalay sa kakayahang malinaw na maipahayag ang mga ideya, pagsunod sa tamang balarila, at paggamit ng lohikal na organisasyon ng teksto. Dagdag pa rito, binigyan ng diin nina Hyland at Jiang (2021) na ang patuloy na pagsasanay at interbensiyon sa larangan ng gramatika at organisasyon ng ideya ay mahalaga upang mapahusay ang kasanayan ng kabataan sa akademikong pagsulat.

**Antas ng Balidasyon ng Modyul sa Pagsulat ng Tekstong Ekspositori**

Tinaya sa pag-aaral ang lebel ng balidíti ng modyul sa pagsulat ng tekstong ekspositori. Sinusuri nito ang kalidad ng nilalaman, organisasyon, at bisa ng modyul bilang gabay sa pagpapahusay sa pagsulat ng kabataang mag-aaral.

Matutunghayan sa Talahanayan 2 ang antas ng balidasyon ng modyul sa pagsulat ng tekstong ekspositori bilang supplemental na kagamitan sa pag-aaral at pagkatuto ng bawat mag-aaral para sa larangan ng pagsulat.

Talahanayan 2. Antas ng Balidasyon ng Modyul sa Pagsulat ng Tekstong Ekspositori

| Domeyn | Mean | SD | Deskriptibong Antas |
|---|---|---|---|
| Nilalaman ng Modyul | 4.88 | 0.27 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Disenyo at Organisasyon | 5.00 | 0.00 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Kalidad ng Teksto at Anyo | 4.83 | 0.21 | Lubos na Sumasang-ayon |

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 5 Special Issue | 2025
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 171-182

| | | | |
|---|---|---|---|
| Pagtatasa | 4.87 | 0.30 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Kakayahang Mabasa | 5.00 | 0.00 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Sanggunian at Pinagmulan ng Sipi | 4.83 | 0.37 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Kabuoan | 4.90 | 1.15 | Lubos na Sumasang-ayon |

Ipinakita sa Talahanayan 2 ang antas ng balidasyon ng modyul sa pagsulat ng tekstong ekspositori. Batay sa datos, **ang** Disenyo at Organisasyon **at** Kakayahang Mabasa ay parehong nakatanggap ng mean na 5.00 **(**SD= 0.00**),** na nangangahulugang **"**Lubos na Sumasang-ayon**."** Sinundan ito ng Nilalaman ng Modyul **(**mean= 4.88, SD= 0.27), Pagtatasa **(**mean= 4.87, SD= 0.30), Kalidad ng Teksto at Anyo **(**mean= 4.83, S = 0.21), **at** Sanggunian at Pinagmulan ng Sipi **(**mean= 4.83, **SD= 0.37**), na pawang may parehong deskriptibong antas. Sa pangkalahatan, ang modyul ay nakatanggap ng mean na 4.90 **(**SD= 1.15**),** na may deskripsiyong **"**Lubos na Sumasang-ayon."

Ipinahihiwatig ng resulta na ang modyul ay mataas ang antas ng balidasyon sa lahat ng domeyn, na nangangahulugang malinaw, organisado, at mabisang nilalaman. Ang mataas na reyting sa kakayahang mabasa at disenyo ay nagpapakita na ito ay madaling maunawaan at angkop para sa kabataan.

Ayon kay **Richards (2021)**, ang mahusay na modyul sa pagtuturo ay dapat may malinaw na layunin, organisadong estruktura, at interaktibong gawain upang mapadali ang pagkatuto. Ang mataas na balidasyon ng modyul ay nagpapahiwatig ng pagsunod sa mga pamantayang ito, kaya maaari itong maging epektibong kasangkapan sa pagtuturo ng pagsulat. Samantala, binigyan ng diin nina **Garcia at Ramos (2020)** na ang isang mahusay na modyul ay dapat naglalaman ng mga estratehiya sa pagtuturo upang matugunan ang pangangailangan ng bawat mag-aaral na may magkakaibang estilo ng pagkatuto. Batay rito, ang modyul ay epektibong nakatutugon sa aspektong ito, kaya't maaari itong makatulong sa pagpapabuti ng kasanayan sa akademikong pagsulat. Dagdag pa rito, binigyan ng diin nina **Brown at Lee (2019)** na ang kawastuhan ng nilalaman at anyo ay mahalagang salik sa paggawa ng materyal maiwasan ang maling interpretasyon ng kabataang mag-aaral. Ang mataas na balidasyon ng modyul ay nagpapakita ng pagsunod sa prinsipyong ito, kaya ito ay maaaring gamitin bilang isang maaasahang gabay sa pagtuturo ng tekstong ekspositori.

**Antas ng Pagtanggap ng Modyul sa Pagsulat ng Tekstong Ekspositori Mula sa mga Guro**

Sinuri ng pag-aaral ang lebel ng akseptibilidad ng modyul sa pagsulat ng tekstong ekspositori. Tinataya nito kung gaano kabisa at kapaki-pakinabang ang modyul batay sa nilalaman, organisasyon, at pagiging angkop nito sa bawat kabataang mag-aaral.

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 171-182

Matutunghayan sa Talahanayan 3 ang lebel ng akseptibilidad ng modyul sa pagsulat ng tekstong ekspositori bilang supplemental na kagamitan sa pag-aaral at pagkatuto ng bawat mag-aaral para sa larangan ng pagsulat mula sa mga guro bilang balideytor.

**Talahanayan 3.** **Antas ng Pagtanggap ng Modyul sa Pagsulat ng Tekstong Ekspositori Mula sa mga Guro**

| Domeyn | Mean | SD | Deskriptibong Antas |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | 4.97 | 0.07 | Lubos na Tinanggap |
| Kalinawan | 4.80 | 0.34 | Lubos na Tinanggap |
| Panghikayat sa Target na Gagamit | 4.63 | 0.46 | Lubos na Tinanggap |
| Orihinalidad | 4.77 | 0.36 | Lubos na Tinanggap |
| **Kabuoan** | **4.79** | **0.31** | **Lubos na Tinanggap** |

Batay sa Talahanayan 3, ang **Nilalaman** ay may pinakamataas na mean na **4.97** (**SD = 0.07**), na nangangahulugang **"Lubos na Tinanggap."** Sinundan ito ng **Kalinawan** (**mean = 4.80, SD = 0.34**) at **Orihinalidad** (**mean = 4.77, SD= 0.36**), na pareho ang nakamit na deskriptibong antas. Ang **Panghikayat sa Target na Gagamit** ay may **mean na 4.63** (**SD = 0.46**), na nananatiling **"Lubos na Tinanggap."** Sa pangkalahatan, ang **modyul ay may mean na 4.79** (**SD = 0.31**), na nagpapakita ng mataas na antas ng pagtanggap.

Ipinapakita ng resulta na ang modyul ay epektibong nakatutugon sa mga pamantayan ng kalidad, partikular sa nilalaman, kalinawan, at orihinalidad. Ang mataas na pagtanggap nito ay nagpapahiwatig na ito ay maaaring maging isang mahalagang kasangkapan sa pagtuturo ng pagsulat ng tekstong ekspositori.

Ayon kay **Phancharoen (2021)**, ang isang mahusay na modyul ay dapat may malinaw at organisadong estruktura upang mapadali ang pagkatuto ng kabataang mag-aaral. Ang mataas na lebel ng akseptibilidad ng modyul sa pag-aaral ay nagpakikita na ito ay maayos na idinisenyo, na nagreresulta sa mas epektibong paggamit at pag-unawa ng kabataan sa pagsulat ng tekstong ekspositori. Samantala, binigyan ng diin nina **Cruz at Rivera (2020)** na ang kalinawan ng mga panuto at lohikal na pagkakaayos ng mga gawain ay mahalagang salik sa mas epektibong pagkatuto.

## Antas ng Pagtanggap ng Modyul sa Pagsulat ng Tekstong Ekspositori Mula sa mga Mag-aaral

Matutunghayan naman sa Talahanayan 4 ang lebel ng akseptibilidad ng modyul sa pagsulat ng tekstong ekspositori bilang supplemental na kagamitan sa pag-aaral at pagkatuto ng kabataang mag-aaral para sa larangan ng pagsulat mula sa mag-aaral bilang mga balideytor.

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 171-182

**Talahanayan 4.** **Antas ng Pagtanggap ng Modyul sa Pagsulat ng Tekstong Ekspositori Mula sa mga Mag-aaral**

| Domeyn | Mean | SD | Deskriptibong Antas |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | 4.86 | 0.30 | Lubos na Tinanggap |
| Kalinawan | 4.87 | 0.19 | Lubos na Tinanggap |
| Panghikayat sa Target na Gagamit | 4.83 | 0.32 | Lubos na Tinanggap |
| Orihinalidad | 4.93 | 0.15 | Lubos na Tinanggap |
| **Kabuoan** | **4.87** | **0.24** | **Lubos na Tinanggap** |

Inilalahad sa Talahanayan 4 ang lebel ng akseptibilidad ng modyul sa pagsulat ng tekstong ekspositori mula sa mag-aaral. Batay sa datos, ang Orihinalidad ay may pinakamataas na *mean* na 4.93 (SD = 0.15), na nangangahulugang "Lubos na Tinanggap." Sinundan ito ng Kalinawan (mean = 4.87, SD = 0.19) at Nilalaman (mean = 4.86, SD = 0.30), na kapwa may mataas na pagtanggap. Ang Panghikayat sa Target na Gagamit ay may *mean* na 4.83 (SD = 0.32), na patuloy na nagpapakita ng positibong pagtanggap. Sa pangkalahatan, ang kabuoang *mean* na 4.87 (SD = 0.24) ay nagpapahiwatig ng "Lubos na Pagtanggap" ng kabataan sa modyul.

Ipinapakita ng resulta na ang modyul ay epektibong nakatutugon sa mga pamantayan ng kalidad, partikular sa nilalaman, kalinawan, at orihinalidad. Ang mataas na lebel sa akseptibilidad mula sa mga mag-aaral ay nagpahihiwatig na ito ay isang makabuluhang materyal sa pagtuturo ng pagsulat ng tekstong ekspositori.

Binigyan ng diin nina **Flores at Medina (2020)** na ang isang epektibong modyul ay dapat naglalaman ng progresibong gawain at malinaw na paliwanag upang mapabuti ang kasanayan sa akademikong pagsulat, na sumasalamin sa positibong pagtanggap ng bawat mag-aaral sa nilalaman nito. Ayon din kay **Tremblay (2021)**, ang orihinalidad sa materyal pang-edukasyon ay mahalaga nang maipagpatuloy ang interes ng kabataan, na nagpapaliwanag kung bakit ito ang may pinakamataas na antas ng pagtanggap sa pag-aaral na ito.

## Makabuluhang Pagkakaiba sa Antas ng Pagtanggap ng mga Guro at Mag-aaral sa Modyul ng Pagsulat ng Tekstong Ekspositori

Sinuri sa pag-aaral ang kaibigan sa lebel ng pagtanggap ng mga guro at mag-aaral sa modyul ng pagsulat ng tekstong ekspositori. Tinutukoy nito kung may pagkakaiba sa kanilang pananaw hinggil sa kalidad at epektibong paggamit ng modyul sa pagkatuto.

Matutunghayan sa Talahanayan 5 sa kasunod na pahina ang pagkakaiba sa lebel ng akseptibilidad ng kaguruan at kabataang mag-aaral sa modyul ng pagsulat ng tekstong ekspositori.

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 5 Special Issue | 2025
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 171-182

**Talahanayan 5. Makabuluhang Pagkakaiba sa Antas ng Pagtanggap ng Modyul mula sa mga Guro at Mag-aaral**

| Balideytor | Mean | SD | t-cal | P-value | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|
| Guro | 4.79 | 0.31 | 0.4998 | 0.3121 | Walang Makabuluhang Pagkakaiba |
| Mag-aaral | 4.87 | 0.24 | | | |

*a=0.05 level of significance*

Batay sa Talahanayan 5, ang *mean* ng mga guro ay (4.79, SD = 0.31), habang mas mataas ang *mean* ng mga mag-aaral na may (4.87, SD = 0.24). Ang *t-calculated* ay 0.4998 at may *p-value* na 0.3121, na mas mataas sa 0.05 antas ng kahalagahan (level of significance).

Ipinapakita ng resulta na walang pagkakaiba sa lebel ng akseptibilidad ang modyul mula sa mga guro at mag-aaral. Nangangahulugan ito na parehong positibong tinanggap ng dalawang pangkat ang modyul, na nagpapahiwatig ng kahusayan at epektibong nilalaman nito.

Ayon kina David at Santos (2020), ang pagkakapareho ng pananaw ng kaguruan at mag-aaral sa modyul ay nagpapakita ng mataas na antas ng pagtanggap at pagiging epektibo nito bilang materyal sa pagtuturo. Sinang-ayunan ito ni Pongsakorn (2021) na nagbibigay ng diin na ang isang epektibong modyul ay dapat parehong tinatanggap ng guro at mag-aaral upang matiyak ang mataas na antas ng interaksiyon at pagkatuto. Samantala, ayon kina Ahmad at Ismail (2020), ang kalidad ng kagamitang pampagtuturo ay masusukat ang disenyo at lebel ng akseptibilidad sa mga gumagamit. Dagdag pa rito, binanggit nina Cruz at Bautista (2020) na ang isang mahusay na modyul ay dapat sumasalamin sa parehong pangangailangan ng guro at mag-aaral para maging epektibo sa pagtuturo ng wika at panitikan. Ang resulta ng pagsusuri ay nagpapakita na ang modyul ay pantay na tinatanggap bilang isang mahalagang kasangkapan sa pagtuturo at pagkatuto ng pagsulat ng tekstong ekspositori batay sa nilalaman.

## Diskusyon

Ipinakita ng pag-aaral na ang lebel ng kahusayan sa pagsulat ng tekstong ekspositori ng mga mag-aaral sa Baitang 12 ay mababa, na may *mean* na 2.07 at *standard deviation* na 0.74. Ang resultang ito ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay hindi mahusay sa pagsulat batay sa apat na domeyn: nilalaman, pag-oorganisa ng mga ideya, tamang balarila, at angkop na pagbabantas. Dahil dito, binuo ng mananaliksik ang isang modyul bilang suplemental na materyal sa pagtuturo at pagkatuto ng mga guro at mag-aaral sa pagsulat ng tekstong ekspositori.

Sinuri sa pag-aaral na ito ang balidity ng modyul sa pagsulat ng tekstong ekspositori batay sa pagsusuri ng mga dalubhasang guro sa Filipino. Batay sa resulta, nakatanggap ang modyul ng kabuoang *mean* na 4.90 (SD = 1.15) na may deskriptibong antas na "*Lubos na Sumasang-ayon*", na nagpapakita ng mataas na kalidad nito bilang kagamitang pampagtuturo. Ipinapakita ng mataas

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 171-182

na reyting na ang modyul ay may malinaw na nilalaman, maayos na disenyo, at epektibong estratehiya sa pagtatasa, na nagpapadali sa pag-unawa ng kabataan. Ang resulta ng balidasyon ay nagpapatunay na ang modyul ay isang kapani-paniwala at mahusay na instrumento sa pagtuturo ng pagsulat ng tekstong ekspositori.

Tiningnan din sa pag-aaral ang lebel ng akseptibilidad ng modyul mula sa mga guro at mag-aaral at batay sa resulta, "Lubos na Tinanggap" ng mga guro at mag-aaral ang modyul sa pagsulat ng tekstong ekspositori, na may kabuoang *mean* na 4.79 (SD = 0.31) mula sa mga guro at 4.87 (SD = 0.24) mula sa mga mag-aaral. Ipinapakita ng mataas na reyting na ang modyul ay epektibo, malinaw, at akma sa pangangailangan ng target na gagamit. Ang positibong pagtanggap na ito ay nagpapahiwatig na ang nilalaman, kalinawan, at orihinalidad ng modyul ay naaayon sa mga pamantayang pang-akademiko at maaaring gamitin bilang isang mahusay na kagamitang pampagtuturo.

Sa kabilang banda, inalam din sa pag-aaral ang pagkakaiba sa lebel ng aksptibilidad ng modyul sa pagitan ng mga guro at mag-aaral. Batay sa resulta, ang *mean* ng mga guro ay (4.79, SD = 0.31), samantalang mas mataas ang *mean* ng mga mag-aaral na may (4.87, SD = 0.24). Nakamit ang *t-calculated* na 0.4998 at *p-value* na 0.3121, na mas mataas sa 0.05 antas ng kahalagahan. Ipinapakita ng mga resultang ito na walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagtanggap ng modyul sa pagitan ng dalawang pangkat na nangangahulugang parehong positibo ang kanilang pananaw sa kalidad at epektibong paggamit ng modyul bilang kasangkapan sa pagtuturo at pagkatuto.

Sa kabuoan, ipinakita ng resulta na ang modyul ay isang epektibong materyal sa pagtuturo at pagkatuto ng pagsulat ng tekstong ekspositori. Ang mataas na lebel ng akseptibilidad mula sa mga edukador at kabataang mag-aaral ay nagpapakita na ito ay malinaw, organisado, nakapupukaw ng interes, at orihinal. Bukod dito, ang pagkakapareho ng kanilang reyting ay nagpapatunay na ang modyul ay may potensiyal na maging isang mahalagang kasangkapan sa pagpapalakas ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral.

**Konklusyon**

Batay sa mga natuklasang datos, narito ang mahahalagang konklusyon na tumutugon sa mga puwang at suliraning tinukoy sa pag-aaral.

Napatunayan na mababa ang antas ng kahusayan ng bawat mag-aaral sa pagsulat ng tekstong ekspositori, partikular sa nilalaman, pag-oorganisa ng mga ideya, tamang balarila, at angkop na pagbabantas. Dahil dito, binuo ang isang modyul bilang karagdagang materyal sa pagtuturo nang mabigyan ng sapat na tulong ang kabataan sa pagsulat. Kaya ang paggamit at pagpapabuti ng nasabing modyul ay mahalaga upang higit pang mapunan ang mga kinakailangan sa larangang ito. Sa isinagawang balidasyon ng mga eksperto, lumabas na mataas ang naging ebalwasyon ng modyul sa mga aspekto, tulad ng nilalaman, disenyo at organisasyon, kalidad ng teksto, pagtatasa, kakayahang mabasa, at sanggunian at pinagmulan ng sipi. Ang positibong resulta ay nagpapatunay

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 171-182

na ang modyul ay sumusunod sa mga pamantayan ng de-kalidad na kagamitang pampagtuturo. Ipinapayo ang patuloy na pagrepaso at pagpapahusay sa nilalaman ng modyul upang mapanatili ang mataas na kalidad at epektibong paggamit nito sa pagtuturo.

Parehong mataas ang lebel ng akseptibilidad ng mga edukador at kabataang mag-aaral sa modyul, lalo na sa nilalaman, kalinawan, panghikayat sa target na gagamit, at orihinalidad. Ang positibong tugon mula sa dalawang pangkat ay nagpapakita na ang modyul ay kapaki-pakinabang at epektibong kasangkapan sa pagtuturo ng pagsulat ng tekstong ekspositori. Samakatuwid, ang malawakang implementasyon ng modyul sa anomang antas ng pagkatuto ay nararapat upang higit pang mapakinabangan ito ng mas maraming mag-aaral at guro.

Sa pagsusuri ng makabuluhang pagkakaiba sa lebel ng akseptibilidad ng modyul mula sa mga edukador at kabataang mag-aaral, lumabas na walang makabuluhang pagkakaiba sa kanilang mga reyting batay sa nilalaman, kalinawan, panghikayat, at orihinalidad. Ipinapakita nito na parehong kinikilala ng dalawang pangkat ang bisa at kalidad ng modyul bilang kagamitang pampagtuturo. Kaya, ang patuloy na paggamit nito sa kurikulum, kasabay ng regular na rebisyon batay sa feedback ng kaguruan at kabataan ay nararapat din upang matiyak ang patuloy na pag-angkop ng modyul sa pangangailangan ng edukasyon sa pagsulat.

## Mga Sanggunian

Ahmad, N., & Ismail, H. (2020). *Innovative teaching materials in Malaysian education: A learner-centered approach*. University of Malaya Press.

Aristotle. (1991). *On rhetoric: A theory of civic discourse* (G. A. Kennedy, Trans.). Oxford University Press.

Bernardo, M., Cruz, A., and Santos, J. (2021). Challenges in teaching writing in Philippine secondary schools: Bridging gaps through curriculum enhancement. *Philippine Journal of Education and Development Studies, 5*(2), 45-62.

Brown, H. D., & Lee, H. (2019). *Teaching by principles: An interactive approach to language pedagogy* (5th ed.). Pearson Education.

Brown, J., and Harold, M. (2019). The impact of rhetorical strategies on effective writing: A case study. *Journal of Communication and Composition, 14*(2), 112-130.

Cruz, J., Morales, A., & Bautista, L. (2022). *Enhancing pre-writing strategies for better composition. Journal of Educational Research*, 30(2), 145-157.

Cruz, M. A., & Rivera, J. P. (2020). *Makabagong estratehiya sa pagtuturo ng wika at panitikan.* University of the Philippines Press.

David, R. A., & Santos, J. P. (2020*). Makabagong estratehiya sa pagtuturo ng wika at panitikan.* University of the Philippines Press.

Dela Cruz, M. P., & Santiago, L. R. (2020). *Pagtataya sa makabagong kurikulum: Gabay sa guro at mag-aaral*. University of the Philippines Press.

Flavell, J. H. (1979). Metacognition and cognitive monitoring: A new area of cognitive-developmental inquiry. *American Psychologist, 34*(10), 906-911.

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 171-182

Flores, M. A., & Medina, R. P. (2020). *Makabuluhang pagtuturo ng wika at panitikan: Gabay sa guro at mag-aaral*. University of the Philippines Press.

Flower, L., & Hayes, J. R. (1981). A cognitive process theory of writing. *College Composition and Communication, 32*(4), 365-387.

Garcia, M. L., & Ramos, J. P. (2020). *Innovative teaching modules for Filipino learners: A curriculum-based approach.* University of the Philippines Press.

Graham, S., & Perin, D. (2019). Writing next: Effective strategies to improve writing of adolescents in middle and high schools. *Carnegie Journal of New York* 2(3), 13-17.

Graham, S., Harris, K. R., and Santangelo, T. (2021). Strengthening writing instruction through collaborative practices. *Educational Psychology Review, 33*(3), 859-879.

Hyland, K., & Jiang, F. (2021). *Academic writing and second language learners: The role of grammar and discourse structures*. Routledge.

Kellogg, R. T. (2018). Training writing skills: A cognitive development perspective. *Journal of Writing Research, 10*(3), 305-329.

Kress, G., and Van Leeuwen, T. (2001). *Multimodal discourse: The modes and media of contemporary communication*. Arnold Publishers.

Larson, B., and Jakobsson, A. (2020). Constructivist teaching in practice: Enhancing writing through experience-based learning. *European Journal of Education, 55*(4), 452-470.

Magno, C. (2019). The role of instructional materials in writing performance: A local perspective. *Asian Journal of Educational Research, 8*(1), 50-65.

OECD. (2019). *PISA 2018 results: What students know and can do*. OECD Publishing.

Phancharoen, P. (2021). *Effective instructional design for Thai language education: Clarity and coherence in teaching materials*. Chulalongkorn University Press.

Piaget, J. (1972). *The psychology of intelligence* (M. Piercy & D. E. Berlyne, Trans.). Routledge. (Original work published 1947)

Pongsakorn, T. (2021). *Instructional module design for Thai language education: Enhancing teacher-student engagement.* Chulalongkorn University Press.

Ramos, L., at Santos, J. (2021). Challenges in teaching expository writing: The need for quality instructional modules. *Education Quarterly Review, 3*(4), 78-92.

Richards, J. C. (2021). *Curriculum development in language teaching* (2nd ed.). Cambridge University Press.

Teng, L. S. (2020). Metacognitive strategies and their role in improving students' academic writing. *International Journal of Learning, 25*(3), 180-198.

Tremblay, J. P. (2021). *Creative instructional design: Strategies for modern education*. University of Toronto Press.

Troia, G. A., at Olinghouse, N. G. (2020). *Theories and practices in writing instruction: Perspectives from research*. Springer.

Villanueva, E., at Martin, P. (2020). Improving students' writing skills through validated teaching modules. *Philippine Educational Review, 12*(2), 90-110.

Vygotsky, L. S. (1978). *Mind in society: The development of higher psychological processes.* Harvard University Press.